TALIBA NG ANAKPAWIS

Ulat Publikasyon ng Tanggapan
ni Anakpawis Partylist Rep. Ariel Casilao

Regular na Isyu | SONA Hulyo 2017

# Labanan ang Martial Law! Buwagin ang mga Hacienda!

Pinaiigting ng kilusang magsasaka ang pagsusulong ng karapatan sa lupa sa buong bansa. Sa pamamagitan ito ng mga okupasyon o kongretong aksyon sa pagbuwag sa mga hacienda, mga bungkalan sa lupang kinamkam o tiwangwang na mapapakinabangan, at pagtataguyod ng tunay na reporma sa lupa.

Walang nakikitang pundamental na pagbabago ang masang magsasaka at makatarungan lamang na ang karapatan sa lupa ay kamtin sa pamamagitan ng konsolidadong lakas at sama-samang pagkilos. Ang kampanyang ito ay nasa pangunguna ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) at inilulunsad ng mga panrehiyonal at pamprobinsyang balangay nito.

Huwaran ang karanasan ng KMP–Southern Mindanao Region (KMP-SMR) na nagtaguyod sa pakikibaka ng mga magsasaka ng Madaum Agrarian Reform Beneficiaries Association, Inc. (MARBAI) ng Davao Del Norte laban sa pang-aabuso at maniobra ng Lapanday na pag-aari ng haciendero-komprador na pamilyang Lorenzo. Walang puknat ang kanilang pagkilos upang mapasakamay ng 159 benepisyaryo ng MARBAI ang 145-ektaryang lupa na kinamkam ng Lapanday.

Ginanap ang mga rali, kampuhan sa lokalidad, aktwal na okupasyon, lakbayan, paglahok sa hearing sa kongreso, malawakang lobbying, at diyalogo para sa "installation" ng DAR sa agrarian reform beneficiaries o ARBs, hanggang sa makuha ang suporta ni Pangulong Duterte na pumunta sa mismong kampuhan ng mga magsasaka sa Mendiola. Sa huli, noong Mayo 18, aktwal nilang napusisyonan ang lupang matagal na nilang inaasam. Ito ay mahalagang aral para sa kilusang magsasaka na dapat maulit nang ilang libong beses upang maitaguyod ang tunay na reporma sa lupa sa buong bansa.

Tampok din ang mga aksyon sa Hacienda Luisita noong Abril 24 at Hunyo 10. Dito, binungkal ng mga manggagawang-bukid sa ilalim ng Alyansa ng mga Manggagawang-Bukid sa Asyenda Luisita (AMBALA) ang mahigit 300 ektaryang inagaw ng TADECO, isang kumpanyang pag-aari ng pamilyang Cojuangco. Tinibag din ang kongrektong pader na itinayo ng bangkong RCBC sa paligid ng 500-ektaryang lupang kinokontrol nito. Ayon sa mga lider ng AMBALA, lalong dumagsa ang mga taga-hacienda nang mabalitaang tinitibag na ang pader ng RCBC. Pagpapakita lamang ito na matagal nang dapat baklasin ang monopolyong kontrol sa lupa ng pamilyang Cojuangco-Aquino at mga kumpanyang kasosyo nito.

Noong Mayo 30, pinasok ng mga magsasaka sa ilalim ng Kasama-TK ang bahagi ng 155-ektaryang lupang kinamkam ng JAKA na kumpanya ni Juan Ponce Enrile at South Cavite Land Co., Inc. sa Dasmarinas, Cavite.

Binungkal din ng mga magsasaka sa ilalim ng Alyansa ng mga Magbubukid sa Gitnang Luson (AMGL) ang bahagi ng 60-ektaryang Sanggalang Estate sa Sto. Domingo, Nueva Ecija, habang sa San Jose Del Monte, Bulacan, binungkal ng 60 magsasaka sa ilalim ng Alyansa ng Magbubukid sa Bulacan (AMB) ang 40-ektaryang inagaw ng pamilyang Araneta. Dalawampung magsasaka ang nagbungkal sa isa pang 30-ektaryang erya, at 30 magsasaka naman sa 21-ektaryang pawang inagaw sa kanila ng real estate developers.

Sa Nasugbu, Batangas, binungkal naman ang 17-ektaryang bahagi ng Hacienda Roxas ng mga dating manggagawang-bukid sa tubuhan sa ilalim ng DAMBA, Pagkakaisa ng mga Manggagawa sa Tubuhan (Pamatu)-National Federation of Sugar Workers (NFSW), at Katipunan ng mga

...SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA

...MULA SA UNANG PAHINA

Samahang Magsasaka sa Timog Katagalugan (Kasama-TK) noong Hunyo 15 at 16.

Sa bayan ng Sara, Iloilo, binungkal ng mahigit 100 magsasaka ang 8-ektarya ng 700-ektaryang Sanson Estate noong Hunyo 23.

Marami pang hacienda sa buong bansa ang binungkal at nakahanay na bungkalin ng mga magsasaka, kabilang rito ang Hacienda Matias sa Quezon, Hacienda Dolores sa Pampanga, Hacienda Yulo sa Laguna, Hacienda Peralta sa Sorsogon, at libu-libong ektaryang lupa na inagaw ni Danding Cojuangco sa Davao Del Sur, South Cotabato, Negros at iba pang lugar.

Sa pangkalahatan, nag-uumapaw ang kasigasigan ng masang magsasaka para kumilos at ipaglaban ang kanilang karapatan sa lupa. Mismong mga magsasaka ang naghahanap sa mga balangay ng KMP at Anakpawis upang humingi ng suporta at giya sa pakikibaka. Samakatuwid, wasto ang pagsusulong ng kampanya sa pagbuwag ng mga hacienda at pagtatanggol sa karapatan sa lupa ng mga magsasaka sa buong bansa.

Noong Mayo 23, nabalita na umatake ang mga terorista sa Marawi City. Ginamit itong batayan ni Pangulong Duterte para ideklara ang Martial Law sa buong Mindanao. Tinututulan ito ng Anakpawis at kilusang magsasaka, ating ipinapanawagan ang agarang pagbawi nito. Kasunod ng deklarasyon ang mas matinding



militarisasyon, pambobomba sa mga komunidad ng magsasaka, pag-atake sa mga piketlayn ng mga manggagawang agrikultural, pag-aresto at pamamaslang sa mga lider-magsasaka at aktibista, at pagdami ng mga bakwit. Target din ng Martial Law ang New People's Army (NPA) at ang mga magsasakang pinagbibintangang tagasuporta nito. Sa pangkalahatan, target nito ang ligal na demokratikong kilusang masa at demokratikong karapatan ng mamamayan. Ang tugon ng kilusang magsasaka rito ay papaigting na paglulunsad ng mga bungkalan sa Mindanao at buong bansa.

Direktang paglaban ang panawagan ng Anakpawis bilang pagharap sa Martial Law. Dapat ilunsad nang tuluy-tuloy ang mga pagkilos upang ilantad ang Martial Law at ipagtanggol ang lupa, sahod, trabaho, tirahan at demokratikong karapatan. Ang bawat balangay ng Anakpawis ay dapat na aktibong lumahok sa mga Black Friday Protest, at maglunsad pa ng malalaking pagkilos kontra-Martial Law. Marapat ipakita sa malawak na publiko na ang pakikibaka ng mga manggagawa at magsasaka ay lehitimo, at ang pagbabansag o pag-uugnay rito sa terorismo ay pasistang atake sa ating karapatan.

Sa paglulunsad ng tuluy-tuloy na aksyong masa, dapat kabigin ang suporta ng panggitnang sektor upang mapalawak ang mga demokratikong panawagan. Pangunahin nating panawagan ngayon ang "No To Martial Law! Peace Talks, Ituloy!" Sa pamamagitan lamang ng lumalawak na protestang bayan maitutulak si Duterte na bawiin ang kanyang kontra-mamamayan, kontra-manggagawa at kontra-magsasakang mga hakbang.

Sa darating na State of the Nation Address (SONA) ni Duterte, ang kampanyang magsasaka't anakpawis ay dapat magsilbi upang ipaalala sa kanya ang kanyang mga pangako, sa balangkas ng People's Agenda na inihapag sa kanya noong nakaraang taon, at panawagang "Lupa at Kapayapaan" ng kilusang magsasaka sa bansa.

Bilang paghahanda, ang bawat balangay ng Anakpawis ay marapat na tumugon sa lumalawak na kahilingan ng masang magsasaka para ipaglaban ang karapatan sa lupa. Tayo na sa wastong landas ng pakikibaka upang makamit ang mga kongkretong tagumpay! – *Mula sa ulat ng KMP*

**EDITORIAL STAFF** | Tanggapan ni Anakpawis Rep. Ariel "Ka Ayik" Casilao
Linda Echanis, Jay Calaguing, Kala San Juan, Cecil Ripalda, Gigi Morilla, Roy Morilla

Inilalathala ang **Taliba ng Anakpawis** bilang bahagi ng pambansang kampanyang magbubukid. Ipadala ang mga puna at mungkahi sa **anakpawis.info@gmail.com**
Bisitahin ang aming website: **www.anakpawis.net**
Facebook Page: **Anakpawis Party-list**
Twitter: **@AnakpawisPL**

TALIBA NG ANAKPAWIS

# Ika-8 Pambansang Kongreso ng KMP, matagumpay!

Matagumpay na nailunsad ang ika-walong Pambansang Kongreso ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) na may temang "MAGTAGUMPAY! Palawakin at patatagin ang KMP! Paigtingin ang pakikibaka para sa Tunay na Reporma sa Lupa at Pambansang Industriyalisasyon!" noong Hulyo 12-13 sa Legazpi City.

Sa loob ng 32 taon, pinatunayan ng KMP ang kakayahan ng mga magbubukid na pandayin ang matibay na organisasyon at ipagtagumpay ang mga laban, di lamang sa lupa kundi para sa demokratikong karapatan ng mamamayan. Isa sa layunin ng kongreso ay maibahagi ang mga aral sa matatagumpay nitong kampanya sa nakaraang apat na taon at higit pang ikonsolida ang mga balangay at makapagpalawak ng kasapian ng KMP sa susunod na apat na taon.

Ang makasaysayang pagtitipong ito ay dinaluhan ng mahigit 1,500 mula sa 15 rehiyunal at 67 probinsyal tsapter ng KMP sa buong bansa. Pinakamalaking delegasyon ay nagmula sa mga kasapi ng Kilusang Magbubukid ng Bikol (KMB) mula sa mga probinsya ng Albay, Masbate, Sorsogon, Catanduanes, Camarines Norte at Camarines Sur. Muling pinagtibay ng mga kasapi ng KMP ang kanilang hangaring higit pang isulong ang mga panawagan: Libreng pamamahagi ng lupa; Buwagin ang mga Hacienda at Wakasan ang mopolyo sa lupa ng iilang panginoong maylupa.

Binasa ni Jonathan Moico ng KMB ang susing pananalita nila Wilma Austria- Tiamzon at Benito Tiamzon. Nagpahayag ng pakikiisa si Jerome Adonis, Secretary-General ng Kilusang Mayo Uno (KMU) at Prof. Jose Maria Sison, Tagapangulo ng International League of People's Struggle (ILPS), gayundin sina Rafael "Ka Paeng" Mariano, kalihim ng Department of Agrarian Reform (DAR), Liza Maza, Lead Convenor ng National Anti-Poverty Commission (NAPC) at Ariel "Ka Ayik" Casilao, kinatawan ng Anakpawis Party-list sa kongreso.

Naihalal ang bagong pamunuan at pinagtibay ang pangkalahatang plano para sa taong 2017 - 2021. Sa pangwakas na pananalita ni Danilo "Ka Daning" Ramos, bagong halal na pambasang tagapangulo ng KMP, sinabi niyang "Ang lupa ay hindi hinihingi, ito ay ipinaglalaban."

Nagmartsa ang mahigit 1,000 delegado at mga kaalyado nito, noong Hulyo 14 at naglunsad ng protesta sa harap ng tanggapan ng Philippine Coconut Authority (PCA) sa Albay upang isigaw ang ipanawagang "Ibalik ang coco levy funds sa magniniyog." ***- KMP***

## Occupy Bulacan, sama-samang pagkilos ng maralita

Marso 8, kasabay ng komemorasyon ng Pandaigdigang Araw ng Kababaihan, isinagawa ng KADAMAY ang okupasyon sa ilang libong yunit ng bakanteng pabahay ng National Housing Authority (NHA) sa bayan ng Pandi, Bulacan. Ang makasaysayang aksyong ito ay tinawag na "Occupy Bulacan." Tumampok ito sa buong bansa at nalantad ang tunay na kalagayan ng mga maralita – walang pangmasang pabahay, di angkop ang mga proyekto at laganap ang katiwalian sa NHA.

Hinarap ng KADAMAY ang paninira at panlilibak sa midya ngunit pinagtuunan ng grupo ang malawakang konsolidasyon sa kanilang hanay sa porma ng edukasyong masa. Dahil sa malawakan at militanteng kolektibong pagkilos, naitulak si Pangulong Duterte na ibigay na ang mga pabahay. Suportado ng Anakpawis at Makabayan ang panawagan upang igawad nang libre ang mga yunit, makabitan ang mga ito ng linya ng tubig at kuryente, at maipatupad ang kumprehensibong programa para sa kabuhayan.

# *Kontraktwalisasyon, ibasura! P750 Nat'l Minimum Wage, Ipaglaban!*

Mahigit sa 24.4 milyong manggagawa o katumbas ng 64% ng labor force ng bansa ang naka-empleyo sa iba't ibang anyo ng kontraktwal na paggawa. Napako na ang pangako ni Duterte na ibabasura ang kontraktwalisasyon. Nabansot ito sa pag-iisyu ng Department Order 174 ng DOLE na nagpapanatili ng mga kontra-manggagawang iskemang dikta ng mga neoliberal at imperyalista.

Binigo ng gobyernong Duterte ang mga mangagagawa. Hindi ginawang urgent ang mga panukalang batas gaya ng House Bill 557 o Anti-Contractualization Bill na inihain ng Anakpawis at Koalisyong Makabayan. Wala ring dagdag-sahod. Sa halip, dagdag pasanin sa mamamayan ang isinusulong na dagdag na buwis.

Dagdag-pahirap ang HB 5636 o Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) o Tax Reform Package na niluluto nina Finance Sec. Carlos Dominguez, Budget Sec. Benjamin Diokno at NEDA Chief Ernesto Pernia. Bida rito ang dagdag na buwis sa produktong petrolyo o ang excise tax na P7 - P10 kada litro sa gasolina, habang P3 - P6 kada litro sa diesel. Siguradong magbubunga ito ng pagtaas ng presyo sa mga pangunahing bilihin na unang mararamdaman ng mga maralita.

Pangunahing isinusulong ngayon ng Kilusang Mayo Uno (KMU) at All Workers' Unity ang P750 National Minimum Wage. Sa kasalukuyan, nasa P481 lang ang pinakamataas na minimum wage (NCR), habang ang pinakamababa ay P235 (MIMAROPA). Ayon sa KMU, napakalayo nito sa P1,119 na family living wage o sahod na makakabuhay sa pamilya.

Kaya panawagan ng Anakpawis sa manggagawa: itayo ang mga unyon, ilunsad ang mga welga at protesta, at makipag-kapit-bisig sa kilusang magsasaka at iba pang sektor upang maipagtagumpay ang lupa, sahod, trabaho, at karapatan. Isulong ang pambansang demokrasya!

# Gawaing Lehislatura
## para sa masang anakpawis



Sa pagbubukas ng ika-17 kongreso ng House of Representatives noong Hunyo 30, 2016 sa ilalim ng rehimeng Duterte, isinumite ng Anakpawis Party-list kasama ng Koalisyong Makabayan ang limang pangunahing panukalang batas o "flagship bills" para sa interes at kagalingan ng masang anakpawis – mga magsasaka, manggagawa, at maralitang taga-lungsod.

### House Bill 555 – Genuine Agrarian Reform Bill (GARB)

Tuluy-tuloy ang pagtutulak ng panukalang batas para sa tunay na reporma sa lupa mula pa nang unang isumite ito noong ika-13 kongreso. Pangunahing nilalaman nito ang LIBRENG PAMAMAHAGI NG LUPA SA MGA MAGSASAKA, pagbuwag sa monopolyo sa lupa, at ang Pilipinisasyon o pagkontrol ng estado sa mga lupaing nakapailalim sa agribusiness at sa kaakibat nitong non-land assets, at pamamahagi ng mga ito sa mga kooperatiba ng manggagawang agrikultural.

Kaakibat ng pagsusulong ng GARB sa loob at labas ng kongreso ay ang pagharang sa HB 114 at HB 3051 na naglalaman ng pagpapalawig ng Land Acquisition Distribution (LAD) ng huwad na reporma sa lupang Republic Act No. 6657 o Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) at RA 9700 o CARP Extension with Reforms (CARPER).

Noong Disyembre 6, 2016, naglunsad ang tanggapan ni Anakpawis Rep. Ka Ayik Casilao ng GARB Round Table Discussion (RTD) na nilahukan ng mga organisasyon ng magsasaka at mga kongresista. Dininig naman ng Committee on Agrarian Reform noong Pebrero 15, 2017 ang HB 555 GARB. Dito ay nagpahayag ng suporta sa pagsasabatas nito ang mga ahensya ng DAR, DA, DOJ, PCGG, NAPC, Landbank, LRA, DTI, Presidential Agrarian Reform Council o PARC at Philippine Commission on Women.

Sa ngayon, mayroong 27 co-authors ang GARB. Mula sa Makabayan, sina Rep. Carlos Zarate, Bayan Muna Party-list; Rep. Emmi De Jesus at Rep. Arlene Brosas, Gabriela Women's Party-list; Rep. Antonio Tinio at Rep. France Castro, ACT Teachers Party-list; at Rep.Sarah Elago, Kabataan Party-list. Mula naman sa iba pang mambabatas, sina Rep. Teodoro Montoro, ASSENSO Party-list; Rep. Evelina Escudero, 1st District, Sorsogon; Rep. Deogracias Victor Savellano, 1st District, Ilocos Sur; Rep. Julitte Uy, 2nd District, Misamis Oriental; Rep. Orestes Salon, AGRI Party-list; Rep. Jose Tejada, 3rd District, North Cotabato; Rep. Jesus Nonato Sacdalan, 1st District, North Cotabato; Rep. Luis Ferrer IV, 6th District, Cavite; Rep. Napoleon Dy, 3rd District, Isabela; Rep. Leopoldo Bataoil, 2nd District, Pangasinan; Rep. Jose Panganiban, Jr., ANAC-IP Party-list; Rep. Raul Daza, 1st District, Northern Samar; Rep. "Ching" Veloso, 3rd District, Leyte; Rep. Wilter Palma II, 1st Zamboanga Sibugay; Rep. Luisa Cuaresma, Nueva Vizcaya; Rep. Lorna Bautista-Bandigan, Davao Occidental; Rep. Cecilia Chavez, BUTIL Party-list; Rep. "Kit" Belmonte, 6th District, Quezon City; Rep. Florida Robes, San Jose Delmonte City, Bulacan; Rep. Suharto Mangudadatu, 1st District, Sultan Kudarat; at Rep. Mercedes Cagas, Davao del Sur.

### House Bill 556 – Anti- Cont

Aktibong lumahok ang Anakpa
kontraktwalisasyon sa loob at la

Lumahok si Rep. Ka Ayik
hearing ng Committee on Lab
sa mga panukalang batas sa
Ginanap din ang mga island-
City, Cebu City at Davao City. U
- Anti-Contractualization Bill n
pederasyon ng manggagawa sa
nananawagan na ibasura ang ko


Hanggang ngayon, nakasalan
Contractualization Bill. Gayun
Anakpawis Party-list ang pana
Minimum Wage.

### House Bill 558 – Free irri

Layunin ng HB 558 ang pagbi
mga magsasaka ng buong ban
at penalties, at pagpapahusay
ang libreng irigasyon sa pagpa
agrikultura para sa food securit

Nobyembre 22, 2016 nang
Agriculture and Food sa kongre
pang panukalang batas para sa
ito ng mga organisasyon ng
nananawagan para sa libreng ser
Pambansang Ugnayan para sa
(PATUBIG), Ugnayan para sa
(UPLIS), Samahan ng mga Or
sa Pagbayad sa NIA (SAGOP
ng Pilipinas (KMP), Amihan, U
sa Agrikultura (UMA), APIT
Magbubukid ng Bikol (KMB)
Magbubukid sa Bulacan (AMB)
Association (TMUFAI).

Pumasa ang subsitute bill n
komite. Sa pagbubukas ng sesy
sa plenaryo at umaasang maap



## tractualization Bill

awis Party-list sa paglaban sa abas ng kongreso.

Casilao sa mga inilunsad na bor and Employment hinggil regularisasyon ng paggawa. wide consultation sa Baguio Umani ng suporta ang HB 556 mula sa mga organisasyon at buong bansa na matagal nang ontraktwalisasyon.

ng pa rin sa kongreso ang Anti-ndin, ikinakampanya din ng wagan para sa P750 National

## gation Bill

bigay ng libreng irigasyon sa sa, pagbura sa back accounts ng serbisyong irigasyon. Susi apataas ng produktibidad ng y.

dinggin ng Committee on eso ang HB 558 kasama ang 27 libreng irigasyon. Nilahukan magsasaka na matagal nang rbisyong patubig, kabilang ang Libreng Irigasyon at Patubig Libreng Irigasyon at Serbisyo ganisasyon sa Patubig Laban NA), Kilusang Magbubukid Unyon ng mga Manggagawa T-TAKO-Cordillera, Kilusang , TMK-Kalinga, Alyansa ng at Tungkong Mangga Farmers

ng libreng irigasyon sa antas on tinatayang maisasalang ito rubahan na ng kongreso.

## House Bill 557 – Genuine Small Coconut Farmers' Fund

Naglalayon ang HB 557 na ibalik sa maliliit na magniniyog ang coco levy fund na dinambong ng diktaduryang Marcos at mga kroni nito sa pamamagitan ng RA 6260 at PD 276. Umabot sa P9.625 bilyon ang nakolektang coco levy fund, na ginamit ng mga kroni tulad ng haciendero-kumprador na si Danding Cojuangco para sa kanilang sariling interes.

Dumaan sa serye ng committee hearing ang HB 557 kasama ang iba pang panukalang batas kaugnay sa coco levy at binuo ang substitute bill. Kontra-magsasaka at kontra-mamamayan ang substitute bill na nakasalang ngayon sa kongreso dahil sa kabuuan ito ay nagtutulak ng pagiging "perpetual fund" nito. Ibig sabihin, maliit na bahagi lamang ang gagamitin para sa mga magsasaka. Sa pribatisasyon ng coco levy fund at assets, ang makikinabang at kokontrol ay malalaking dayuhan at lokal negosyante at panginoong may lupa, at hindi ang maliliit na magniniyog.

## House Bill 559 – Repeal UDHA

Isinumite ng Anakpawis Party-list ang HB 559 - Repeal UDHA o Urban Development and Housing Act of 1992 (RA 7279). Layunin ng panukalang batas na ito na ibasura ang kontra-maralitang UDHA na ginagawang batayan ng malawakang demolisyon ng mga komunidad ng maralitang tagalunsod o urban poor, at pagbebenta ng NHA ng pabahay at pangongolekta ng napakataas na amortisasyon sa maralita. Sa pamamagitan ng socialized housing scheme ng UDHA, tinatanggal nito ang obligasyon ng gobyerno na bigyan ng batayang serbisyo ang mga maralitang walang bahay. Kulang at hindi maayos ang serbisyong tubig at kuryente sa mga pabahay. Tanging mga pribadong korporasyon, debeloper at mga kakuntsaba nito sa gubyerno ang nakikinabang sa UDHA.

Nang ilunsad ng KADAMAY ang Occupy Pabahay sa Pandi, Bulacan, tumingkad sa buong bansa ang isyu ng kawalan ng bahay ng maralita at ang sitwasyon sa mga pabahay at relocation site ng gobyerno. Iginiit ng mga maralita ang kanilang karapatan sa pamamagitan ng sama-samang nilang pagkilos. Kakambal ng kampanyang ito ang panawagan ng KADAMAY na ibasura ang kontra-maralitang UDHA.

Ang Repeal UDHA ay nasa Committee on Housing and Urban Development na ngunit hanggang ngayon ay hindi pa ito dinidinig.

ANAKPAWIS PARTY-LIST

**17TH CONGRESS, 1ST REGULAR SESSION**

Bilang ng mga isinumiteng House Bill - **12**

Bilang ng mga isinumiteng House Resolution - **46**

Bilang ng Privilege Speeches - **11**

Bilang ng Committee Membership - **11**

# UNPEACE IN MINDANAO:

## Terrorism, Martial Law and the Peace Processes

Pahayag ni Anakpawis Party-list Rep. Ariel "Ka Ayik" Casilao
National Anti-Poverty Commission (NAPC) Forum,
Cagayan de Oro City, Hunyo 28 – 29, 2017
*(Ilang sipi mula sa pahayag na mababasa nang buo sa* ***www.anakpawis.net****)*

Maayong hapon, mga kauban sa panawalang sa pagpagpanday og kalinaw nga nagsumikad sa kaangayan og hustisya. Good afternoon, fellow advocates for a just peace. Assalamuh Allaikom!

My task this afternoon is rather daunting, given the general theme of "Unpeace in Mindanao: Terrorism, Martial Law and the Peace Processes," and the specific topic of the Marawi Siege, PP 216, obstacles in the peace process, and implications of US military involvement in the recent crisis in the region.

This representation does not wish to presume to "know all" details of the topics and subtopics, but I will base my sharing and input on my engagements as a legislator particularly in the GRP-NDF and MILF-GRP peace talks, as a member of the House Special Committee on Peace and Reconciliation, as Vice Chairperson of the House Committee on Agrarian Reform, and on my active involvement in the grassroots movement of peasants and workers.

**Marawi siege.** Exactly 1 month and 5 days since the "Marawi siege" took the headlines, it eventually became a humanitarian crisis. Allow me to present some facts to walk you through the events that led to the declaration of Martial Law in Mindanao by President Duterte. Per news reports, death toll is now at 375 – 69 government troops, 280 "terrorists" (Maute group, Abu Sayyaf, etc.) and 26 civilians, displacing more than 300,000 civilians and destroying hundreds of millions worth of both private and public property.

**Backgrounder:** The Maute group which also calls itself Daulah Islamiyah, is led by Abdullah Maute, the eldest of the Maute brothers.

What attacks have been attributed to the Maute Group prior to May 23?

From February to November last year, the group launched attacks in Lanao del Sur. It established strongholds in the province and displaced nearly 30,000 people. They attacked a military camp, beheaded sawmill workers similar to ISIS method, launched a prison break and freed 8 of its members and 20 others, and occupied the Butig Municipal Hall where they raised the ISIS flag.

The AFP admitted that the fighting in Marawi was due to a raid conducted with the PNP, contrary to earlier reports that it was initiated by militant groups. As government forces validated the information that Maute clan members were in the area, they spotted Abu Sayyaf leader Isnilon Hapilon, the reported appointed emir of IS forces in the country tagged with a $5 million reward money for his capture. After verification, the military launched a "surgical operation" to capture Hapilon.

The operation launched on May 23 to capture the "foreign terrorist" is believed to be run by the US military with the AFP for them to pocket the reward money. Akin to the 2015 botched Mamasapano operation, it was met with resistance by various armed Moro groups including the Maute, a prominent family from Butig.

**Presidential Proclamation 216 Declaring Martial Law in Mindanao.** Prior to the Martial Law declaration in Mindanao, the AFP has been carrying out intense armed offensives against the people and revolutionary forces following the Duterte-Lorenzana declaration of "all-out war" against the NPA last February.

**Period following the proclamation.** Marawi City was massively bombed triggering mass evacuation. Heavy shelling and bombing in Matano, Davao del Sur was also carried out by the AFP. Task Force Davao in Davao City launched Oplan Bulabog at a Moro community that led to the arrest of 260 civilians for failing to present proper identification. The city government also released a 30-point guideline curtailing civil liberties. Marawi City evacuees reached 1,800 families. Those who sought refuge in Sagiuaran town suffered hunger though there were relief from DSWD. Aid is hampered by tight military checkpoints. Thirty women from Lumad, Moro, and church communities who gathered for an ecumenical forum were put under interrogation by AFP forces in Sultan Kudarat. The Malabang Police Chief Sr. Inspector Romeo Enriquez, who was reported beheaded by the Maute group, surfaced to say that he is actually alive.

Massive aerial bombing and shelling in President Roxas town, North Cotabato and Dumulog, Bukidnon was carried out by the AFP, killing one and wounding 5 civilians. "Surgical airstrikes" or aerial bombing intensified in Marawi City, hitting civilian houses and communities. Curfew and requiring the people to carry ID cards were implemented in Kabacan, Cotabato. Soldiers under the 66th IBPA harassed striking agriworkers of Shin Sun Tropical Fruits in Compostela Valley. Two peasant leaders were arrested by the military. In Marawi City, remains of civilian casualties were discovered inside their homes after the air strikes.

Aerial bombings intensified in different parts of Mindanao, combined with the growing number of peasant activists being arrested and killed especially in Compostela Valley. Concurrently, President Duterte threatened NDF consultants with arrest, while "rightist" cabinet members issued conflicting statements on Martial Law, exposing their plot for its proclamation. By June, arrests of peasant activists continued, soldiers were killed by their own air strikes, and the Shin Sun picketline was demolished by AFP elements. More than a thousand evacuated due to heavy air strikes in Davao del Sur.

According to reports from the National Inter-faith Humanitarian Mission (NIHM) held June 13 to 16 by the Kalinao Mindanao Inter-faith Network, there is grave humanitarian crisis in Mindanao. There are more than 300,000 internally displaced people (IDP). AFP's continued airstrikes led to massive destruction

of property and increasing number of IDPs. It also said that Martial Law was an inappropriate response to a small armed group. Overkill military operations may have led to increasing armed resistance from the Moro people. These also led to rights abuses such as warrantless searches, arrests and profiling with the suspension of the writ of habeas corpus. They also noted that aerial strikes launched by the AFP destroyed cherished ancestral houses and property of Maranao people, in addition to eye-witness accounts of looting by the military of personal belongings of Marawi residents. Martial Law is anti-people with its counter-insurgency character. It targeted even sections of the Moro people who are not involved in the Marawi siege. Discrimination is fueled by the AFP against the Moro people usually accused of being terrorists.

**US-CIA big brother hand in the crisis.** US involvement in past and present atrocities in Mindanao should be taken seriously – not with gratitude but with strongest condemnation. Unanswered questions in the past and historical injustices brought about by the so-called "US war on terror" continue to wreak havoc in Mindanao. The US always played a vital role in fanning the crisis in every single major "terror incident" in Mindanao. It is proper to hold an inquiry on the role of US troops in the ongoing crisis because their involvement is an affront to national sovereignty.

**Our calls and recommendations.** Fighting Islamophobia through anti-imperialist Muslim-Christian solidarity

We also believe that there is a need to combat Islamophobia through strong anti-imperialist solidarity between Muslims and Christians.

The 5th round of peace negotiations between the GRP-NDFP should and must proceed despite unresolved issues. The GRP's insistence on a bilateral ceasefire prior to the signing of substantive agreements like the Comprehensive Agreement on Socio -Economic Reforms (CASER), only exposes their true intention in engaging in the talks – the GRP only wants the capitulation of revolutionary forces.

The amended final draft of the Bangsamoro Basic Law (BBL) deliberated by the newly-convened Bangsamoro Transition Council (BTC) has been finalized and is ready for submission to both houses for action, and eventually to the President for approval. We have yet to study the contents of the said final draft. Finally, it is only proper to re-echo and magnify recommendations by the NHIM which are crucial in unmasking the real face of the Marawi crisis.

1. Immediate lifting of Martial Law and a stop to aerial bombardments.

2. Independent on-site investigation to determine the extent of impact on civilian lives and property with a view towards attaining justice for victims, providing indemnification and rehabilitation, and to uncover political and military issues surrounding the attack on Marawi and other areas.

3. Heightened humanitarian response with particular focus on home-based evacuees and evacuation centers without recognition from the government. AFP should desist from employing discrimination in relief aid. Services should be rendered to communities impacted by aerial strikes such as in North Cotabato, Maguindanao, Davao del Sur and other peasant and Lumad areas.

4. Swift, systematic, grassroots-based humanitarian services from government especially at the national level, and formulation and institutionalization of comprehensive and long-term rehabilitation plans.

5. Urgent and strict enforcement of a price freeze on basic commodities to protect IDPs from profiteering of unscrupulous businesses.

6. Suport for organizing of victims to empower them in claiming and asserting their rights to rehabilitation and indemnification.

7. Full prosecution of ISIS-affiliated local terrorist groups for criminal acts.

8. For Philippine government to demand the immediate pull out of US troops, personel in Mindanao conflict areas. For congress to investigate US role in the Marawi siege.

Our journey to a just peace is hard and painstaking. What is important is that we stay the course in achieving a just and lasting peace.

*Sigaw ng mangingisda:*

## Itigil ang kumbersyon at reklamasyon!

Apektado ang libu-libong mangingisda sa mga proyektong reklamasyon at kumbersyon ng pook-pangisdaan. Ayon sa National Reclamation Plan, umaabot sa 100 proyekto ng Philippine Reclamation Authority ang sumasaklaw sa 40,000 ektarya sa buong bansa. Ito ay isasailalim sa Public-Private Partnership (PPP), kung saan malaki ang ganansya ng pribadong sektor kapalit ng pagwasak sa mga komunidad ng mangingisda at maralita.

Sa Manila Bay, itatayo ang pinakamalaking proyektong "International Gateway" na magiging sentro diumano ng internasyunal na kalakalan. Sa Navotas City, mapapalayas ang 20,000 pamilya para itayo ang Navotas Boulevard Business Park (NBBP) sa saklaw na 650 ektarya na aprubado ng PRA para sa eko-turismo. Hindi rin ligtas ang mamamayan sa paligid ng lawa ng Laguna dahil sa Laguna Lake Master Development Plan. Sa Condova, Cebu, ang reklamasyon ay sasaklaw sa 1,500 ektaryang baybayin at nagkakahalaga ng P138-B na popondohan ng SM Prime Holdings Inc. ni Henry Sy. Ang proyektong ito ay isa sa pinakamalalaking PPP sa panahon ni Duterte.

Sa pangunguna ng Pamalakaya-Pilipinas, nabuo ang Koalisyon Kontra-Kumbersyon at Reklamasyon (KKKR), isang alyansa ng mga mangigisda at iba't ibang sektor na nagkakaisa sa pagtatanggol sa kalikasan at sa karapatan at kabuhayan ng mangingisda at mamamayan.

Layunin ng KKKR ang pagtatanggol sa paninirahan laban sa demolisyon. Nananawagan din ito sa pagbubuwag ng PRA at mga ahensyang nagpapatupad ng reklamasyon. Isinusulong ng KKKR ang tunay at maka-kalikasang rehabilitasyon ng mga pook-pangisdaan para sa pakinabang ng mamamayan.

*WTO-AoA, RCEP, liberalisasyon sa agrikultura*

# Pahirap sa Masang Magbubukid

Nitong Mayo 19, naglunsad ng protesta ang Bantay Bigas at Amihan sa harap ng National Food Authority (NFA) para tutulan ang pagbaha ng imported na bigas at ipanawagan ang pagbaklas sa World Trade Organization – Agreement on Agriculture (WTO-AoA). Ang liberalisasyon ng agrikultura sa ilalim ng WTO-AoA ay hindi nakatulong sa pagkamit ng food security. Sa halip, sinasagasaan nito ang kabuhayan ng napakaraming magsasaka. Naninindigan ang Bantay Bigas, Amihan, at Anakpawis, na ang susi sa food security ng bansa ay tunay na reporma sa lupa.

Ang liberalisasyon sa agrikultura ay nagpabagsak sa kabuhayan ng masang magbubukid. Sa pagbaha ng imported na produktong agrikultural, nababangkarote ang mga magsasaka ng palay at gulay, at mga lokal na negosyong livestock.

Kinundena ng Anakpawis ang pagtatambol ng alarma ng NFA dahil umano kaunti na ang stock nito kung hindi mag-aangkat ng bigas. Ang pundamental na problema ng NFA ay ang neoliberal na oryentasyon. Mas gugustuhin nitong mag-angkat kaysa ipatupad ang mandato nitong bilhin ang lokal na palay ng mga magsasaka.


Ang pagtatapos ng Quantitative Restriction (QR) sa importasyon ng bigas nitong Hunyo ay tuluyang magpapabagsak sa lokal na produkyon ng bigas at kabuhayan ng mga magsasaka. Ayon sa WTO-AoA, papalitan ito ng taripikasyon sa walang limit na dami ng imported na bigas, na sa kalaunan ay hakbang-hakbang na pababababain hanggang sa zero tariff. Gayunpaman, inilabas ni Pangulong Duterte ang Executive Order No. 23 na nag-e-extend sa QR nang 3 taon, dahil ang taripikasyon sa imported na bigas ay kailangan pang i-amyenda sa Tariffication Act.

Ayon naman sa APIT-TAKO, malaki ang epekto ng imported na gulay sa lokal na produksyon laluna sa mga gulayan sa Cordillera. Mula 2002, iba't ibang porma ng pagkilos ang kanilang inilunsad kontra sa mura at imported na gulay na malayang nakapapasok sa lokal na pamilihan dahil sa liberalisasyon. Naghain naman ang Anakpawis at Koalisyong Makabayan ng HR 797 para tukuyin ang epekto ng WTO-AoA sa lokal na industriya ng livestock at poultry.

Sa patung-patong na masamang epekto ng liberalisasyon sa agrikultura, may dagdag-pasakit pa ang rehimeng Duterte at ito ay ang Regional Comprehensive Economic Partnership (RCEP) sa pangunguna ng Tsina. Nakaayon din ito sa imperyalistang globalisasyon. Ang RCEP ay free trade agreement (FTA) sa pagitan ng 10 bansang miyembro ng Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) at iba pa. Nitong Mayo 2017, nagkaroon ng sikretong negosasyon ng RCEP sa bansa. Sakaling ito ay maaprubahan, mabubuo ang isa na namang panibangong economic bloc.

Magdudulot ito ng malawakang pagpapalayas sa mga magsasaka, at pababagsakin nito ang mga lokal na industriya dahil sa pagbaha ng mga produkto mula sa malalaking kapitalistang bansa tulad ng Tsina.

Ipinapanawagan ng Anakpawis ang pagbasura sa WTO at RCEP, kasabay ng pagsusulong ng malayang patakarang panlabas at proteksyon sa lokal na industriya at karapatan ng mamamayan.




## Mga manggagawang agrikultural, nagkonsolida ng hanay

Matagumpay na inilunsad ng mga miyembro ng National Federation of Sugar Workers (NFSW) ang kanilang pambansang kongreso na ginanap sa Bacolod City, Negros Occidental noong Mayo 30-31, sa temang "Palakasin at Palawakin ang NFSW bilang pambansang pederasyon ng mga manggagawa sa tubuhan. Ipaglaban ang tunay na reporma sa lupa, karapatan, at kagalingan sa mga manggagawa sa tubuhan!" Pangunahing layunin ng kongreso ang muling pagtatatag ng NFSW bilang pambansang pederasyon ng mga mangagawang-bukid sa tubuhan. Ang pagsusulong ng karapatan sa lupa, sahod at karapatan ay ipaglalaban sa militante at organisadong pagkilos sa buong bansa. Bago ang kongreso ng NFSW, matagumpay ding inilunsad ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA) ang pulong ng pambansang konseho nito noong Mayo 29.